
1

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION

# Mathematics

## Ikalawang Markahan – Modyul 8:

### Visualizing, Representing, and Solving Routine and Non-Routine Problems Involving Subtraction of Whole Numbers Including Money with Minuends up to 99 with and without Regrouping



ALTERNATIVE DELIVERY MODE ADM

CO_Q2_Mathematics1_Module8

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Mathematics – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 8: Visualizing, Representing, and Solving Routine and Non-routine problems involving Subtraction of Whole Numbers including Money with Minuends up to 99 With and Without Regrouping**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Regilyn M. Casibang

**Editor:** Janet A. Esperanza, Arnel N. Castillo, Maria Loresa J. Tumanguil

**Tagasuri:** Nickoye V. Bumanglag, Isagani R. Duruin

**Tagaguhit:** Vicente M. Iringan

**Tagalapat:** Regilyn M. Casibang, Jefferson D. Uy

**Tagapamahala:** Benjamin D. Paragas, Jessie L. Amin
Octavio V. Cabasag
Rizalino G. Caronan
Romel B. Costales
Isagani R. Duruin
Rogelio H. Pasinos
Nickoye V. Bumanglag
Jecelyn De Leon

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________
**Department of Education – Region II**
Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

1

# Mathematics

## Ikalawang Markahan – Modyul 8:

### Visualizing, Representing, and Solving Routine and Non-routine problems Involving Subtraction of Whole Numbers including Money with Minuends up to 99 with and without Regrouping

DEPARTMENT OF EDUCATION

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## Alamin

Dinisenyo at isinulat ang modyul na ito bilang gabay sa mag-aaral upang maunawaan ang konsepto ng Pagpapakita,Pagsasalarawan at Paglulutas ng mga Suliranin na Ginagamitan ng Pagbabawas ng Bilang maging ang Pera na may Minuends hanggang 99 na Walang Regrouping at May Regrouping. Saklaw ng modyul na ito ang paggamit sa iba't ibang sitwasyon ng pagkatuto. Ginamitan ang modyul na ito ng wika at talasalitaan na naaangkop sa level ng mga mag-aaral. Inayos para makasunod sa paraang istandard na pagkakasunod-sunod ang mga aralin sa kursong ito ngunit maaaring baguhin upang matugunan ang ginagamit na mga teksbuk sa kasalukuyan.

Ang modyul ay nakapokus sa araling:

- Visualizing, Representing and Solving Routine and Non Routine Problems Involving Subtraction of Whole Numbers including Money with Minuends up to 99Without and With Regrouping using Appropriate Problem Solving Strategies and Tools

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Maipakita, maisalarawan at malutas ang suliranin gamit ang pagbabawas ng bilang maging ang pera na may regrouping at walang regrouping.




# Subukin

**Gawain 1**

Basahing mabuti ang sitwasyon at ibigay ang tamang sagot sa mga katanungan.

A. May walong batang naglilinis ng silid-aralan. Umalis ang dalawang bata at nag-igib ng tubig na pandilig.



Tanong:

1. Ilan ang kabuuang bilang ng mag - aaral ang nasa silid-aralan?
2. Ano ang kanilang ginagawa?
3. Ilang mag-aaral ang umalis?
4. Bakit kaya sila umalis?
5. Ilang bata ang natirang naglilinis?
6. Isulat ang pamilang na pangungusap.

B. Bumili si Mark ng asin at mantika na may kabuuang halagang P20.00. Nagbigay siya ng halagang P50.00 sa tindera.




Tanong:

1. Sino ang bumili?
2. Ano ang kaniyang binili?
3. Magkano ang halaga ng kanyang mga binili?
4. Magkano ang halaga ng kaniyang pera?
5. Magkano ang kaniyang sukli?

**Gawain 2**


Basahing mabuti ang sitwasyon at ibigay ang tamang sagot sa mga katanungan.

1. Nanguha ng 36 na mangga si Joy. Ibinigay niya kay Nika ang 12. Ilan ang natirang mangga ni Joy?




Isulat ang pamilang na pangungusap at sagot.

2. Nagtanim si Nolie ng 15 na punla ng talong. Namatay ang 3 na punla. Ilang punla ang nabuhay?



Isulat ang pamilang na pangungusap at sagot.

3. Umani si Tatay ng 45 na sako ng palay. Ibinigay niya ang 9 na sako sa may-ari ng lupa. Ilang sako ng palay ang natira kay Tatay?



## *Balikan*

**Gawain 3**

Basahin ang sitwasyon at ibigay ang tamang sagot.

1. 27 pirasong Tilapia
   12 ang maliliit
   ☐ Ilan ang malalaki?

2. P75 ang baon sa paaralan
   51 ang ginastos sa pagkain
   ☐ Magkano ang natira?

3. 21 ang mga Grade 1-Rose pupils
   11 ang mga lalaki
   ☐ Ilan ang babae?

4. P58 ang naipong pera
   34 ang bayad ng coloring pen
   ☐ Magkano ang naiwan sa ipon?

5. 39 na prutas
   28 na dalandan
   ☐ Ilan ang hindi dalandan?

## *Tuklasin*

**Gawain 4**

Basahin ang bawat suliranin. Isulat ang sagot nsa mga tanong.

| Suliranin | Ibigay ang impormasyon sa suliranin. | |
|---|---|---|
| 1. May 21 na lobo sa loob ng silid. Kung ang 6 na lobo ay pumutok, ilan ang natira? | Bilang ng lobo sa loob ng silid.<br>____ | Bilang ng natirang lobo.<br>_____ |
| 2. May 12 na itlog sa tray. Nabasag ang 5. Ilan ang natira? | Bilang ng itlog sa tray.<br>____ | Bilang ng natira.<br>______ |
| 3. Pumitas si Via ng 25 na mangga. Ang 14 ay hinog na at ang iba ay hilaw pa. Ilan | Bilang ng hinog na mangga.<br>______ | Bilang ng hilaw na mangga.<br>_____ |

| | | |
|---|---|---|
| ang hilaw na mangga? | | |

## *Suriin*

**Gawain 5**

Basahin, suriin at lutasin ang suliranin sa bawat bilang. Isulat ang pamilang na pangungusap at sagot sa kahon.

1. May P10.00 si Liza. Gusto niyang bumili ng 14 na tsokolate na nagkakahalaga ng P1.00 bawat isa.

a) Sapat ba ang pera ni Liza para mabili ang tsokolate? __________

b) Magkano pa ang perang kailangan ni Liza para mabili ang tsokolate?

__________


2. May 6 na ipit sa buhok si Gale sa kaniyang bag. Ibinigay niya ang 2 na ipit sa kapatid niyang babae. Ilang ipit ng buhok ang natira sa loob ng kaniyang bag?



3. Namitas si Rina ng 15 na rosas, 8 ang puti. Ilan ang hindi puti?

4. Binigyan ni Tatay si Lea ng P86.00 na baon sa paaralan. Sabi ni Nanay kay Lea ibigay ang P25.00 kay Lito. Magkano ang natirang baon ni Lea?

5. May P5.00 si Faye. Gusto niyang bumili ng nilagang itlog na may halagang P9.00. Magkano pa ang kailangan niyang pera para makabili ng itlog?




## *Pagyamanin*

**Gawain 6**

Basahing mabuti ang sitwasyon at ibigay ang tamang sagot sa mga tanong.

1. Nagbigay ang Department of Agriculture ng 25 na punla. Lima ang kamatis, 10 ang petsay at ang iba ay sili.
   a. Anong ahensiya ang nagbigay ng mga punla? ________
   b. Ano-ano ang mga punlang ibinigay? _________
   c. Ilan ang ibinigay na punla? ________

d. Ilan ang sili na ibinigay? _____

e. Isulat ang pamilang na pangungusap at sagot sa kahon.

2. May 87 na pamilya sa Zone II. 53 na pamilya ang nakatanggap ng ayuda.
    a. Ilang pamilya ang nasa Zone 2?_____
    b. Ilang pamilya ang nakatanggap na ng ayuda?_______
    c. Ilang pamilya ang hindi pa nakatanggap ng ayuda?______
    d. Isulat ang pamilang na pangungusap at sagot sa kahon. _____



## *Isaisip*

Sa paglutas ng suliranin, sundin ang mga sumusunod na hakbang:

1. Basahin at unawain ang suliranin. Tingnan ang ibinigay na impormasyon at kung ano ang tinatanong nito.
2. Planuhin ang solusyon. Maaaring gamitin ang mga sumusunod na paraan:
    a. Paggamit ng mga larawan o drawing.

    Hal.

    May 6 na holen si Ben. Ibinigay niya sa kaniyang kaibigan ang 2. Ilan ang natira?



b. Pagsulat ng pamilang na pangungusap.

| | |
|---|---|
| $\begin{array}{r} 6 \\ \underline{-2} \\ 4 \end{array}$ | 6-2=4 |

c. Pagsulat ng expanded form

| | |
|---|---|
| 35=30+5= | 20+15 |
| <u>18</u>=10+8= | <u>10+8</u> |
| 10+7=17 | |

d. Short-form

$$\begin{array}{r} {}^{2}\not{3}\,{}^{1}5 \\ \underline{-\ 1\ 8} \\ 17 \end{array}$$

3. Isagawa ang solusyon.


4. Suriin kung tama ang sagot.

## *Isagawa*

**Gawain 7**

Basahing mabuti ang suliranin at isulat ang pamilang na pangungusap at sagot.

1. Bumili ng 90 piraso na salagubang si Nanay sa palengke. Sa kaniyang pag-uwi nakasalubong niya ang kanyang kapatid. Ibinigay niya ang 40 na salagubang sa kanyang kapatid. Ilang salagubang ang natira sa kanya?

2. 

3. May ipon na P99 si Elisa. Ibinili niya ng folder at bond paper ang P28. Magkano ang natira sa ipon niya?

## *Tayahin*

**Gawain 8**

Basahin ang suliranin at isulat kung ano ang tamang sagot sa mga tanong.

1. Gumuhit ng 23 na holen at bilugan ang 10 na holen.

   a. Ilan lahat ang holen? _______

   b. Ilang holen ang nabilugan? _______

   c. Ilang holen ang hindi nabilugan?____

2. May 70 na mag-aaral sa gym. 35 ang mga babae. Ilan ang mga lalaki?

   a. Ilang mag-aaral ang nasa gym? ____
   b. Ilan ang babae? ____
   c. Ilan ang lalaki? ____

3. May P40 si RJ. Bumili siya ng bolpen sa halagang P22. Magkano ang perang natira sa kanya?

   a.Magkano ang pera ni RJ? ______
   b. Magkano ang halaga ng bolpen? ______
   c. Magkano ang perang natira sa kanya? ______


## *Karagdagang Gawain*

**Gawain 9**

1. Isulat ang pamilang na pangungusap nang pababa. Pangkatin ng sampuhan at isahan. Pagkatapos, hanapin ang tamang sagot.

   a. 61-47= ☐
   b. 72-59= ☐
   c. 84-66= ☐
   d. 53-24= ☐
   e. 91-35= ☐

2. Tulungan ang drayber na makarating sa dulo ng linya sa pamamagitan ng pagsagot sa sumusunod na pamilang na pangungusap.



## Susi sa P

**Gawain 1**

A.
1. 8
2. Naglilinis
3. 2
4. Mag-igib ng tubig
5. 8-2=6

B.
1. Si Mark
2. Mantika at Asin
3. P20.00
4. P50.00
5. P30.00

**Gawain 2**

1. 36-12=24
2. 15-3=12
3. 45-9=36

**Gawain 3**

1. 15
2. 24
3. 10
4. 24
5. 11

**Gawain 4**

1. 21,15
2. 12, 7
3. 14,11

**Gawain 5**

1. A. hindi
   B. P4
   P14-P10=P4
2. 4 na ipit na buhok
   6-2=4
3. 15-8=7
4. P86-25=P61
5. P9- P5= P4

**Gawain 6**


1. A. DA
   B. Kamatis, petsay, sili
   C. 25
   D. 10
   E. 25-15=10
2. A. 87
   B. 53
   C. 34
   D. 87-53=34

**Gawain 7**

1. 90-40=50
2. 16-9 =7
3. 99-28= 71

**Gawain 8**

1. A. 23
   B. 10
   C. 13



2. A. 70
   B. 35
   C. 35
3. A.40
   B. 22
   C. 18

**Gawain 9**

1. A. 14
   B. 13
   C. 18
   D. 29
   E. 56
2. A. 13
   B. 7
   C. 21
   D. 42
   E. 18

## Sanggunian

K to 12 MELC Math 1
Mathematics Learner's Materials
Alternative Delivery Mode

**Images:**

Chocolate Bar
http://clipart-library.com/clipart/860521.htm

One Piso Coin
https://news.coinupdate.com/philippines-new-generation-of-circulation-piso-and-sentimo-coins-launched/

Bag
https://www.kindpng.com/imgv/hiTJowJ_bag-clipart-womens-bag-purse-clip-art-hd/

Marble Ball
http://clipart-library.com/clipart/marble-ball-cliparts_18.htm

Car
http://clipart-library.com/clipart/n700881.htm

Guava
http://www.supercoloring.com/coloring-pages/guava-and-its-cross-section

**For inquiries or feedback, please write or call:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph